

PhilHealth Region XII sumuporta sa mga katutubong miyembro

By Hanah G. Naanep, Public Affairs Unit, PRO XII



Bilang suporta sa ika-25 taong anibersaryo ng pagpapatupad ng Indigenous People’s Rights Act o IPRA Law ngayong taon, ang PhilHealth Region XII ay nagsagawa ng patalaan ng mga indigenous community member sa malawakang “Kasalang Tribu” sa probinsiya ng South Cotabato. Ito ay isinagawa noong Oktubre 18 sa Lake Sebu, Oktubre 19 sa Tupi, Oktubre 20 sa Polomolok, Oktubre sa Tampakan, Oktubre 24 sa T’boli, at Oktubre 25 sa lungsod ng Koronadal.

Ayon sa National Commission on Indigenous Peoples o NCIP, layunin ng Kasalang Tribu na maisapormal ang civil registration ng mga Indigenous Peoples o IPs.



Isang IP couple habang naghahanda sa mass wedding sa Lake Sebu, South Cotabato.



Si Raffy B. Elizares, representative mula sa Membership Section habang nagbibigay ng orientation tungkol sa Konsulta sa “Kasalang Tribu” sa South Cotabato.

“Kailangan nang ma-institutionalize ang listahan ng mga IPs para sa kanilang birth, death at marriage records at kinakailangan na silang ma-empower para sa kanilang legal rights,” sabi ni Atty. Adolf Ryan Lantion, Legal Hearing Officer ng NCIP Region XII.

Upang sila ay maisyuhan ng marriage certificates, ang mga LGU ay nagpadala ng kanilang Local Civil Registrar representatives. Dahil dito, inaasahang sa darating na mga araw at sa susunod pang mga taon ay madaragdagan ang bilang ng mga IPs na mayroong legal na mga dokumento na maaari nilang gamitin hindi lamang sa PhilHealth kundi pati na rin sa iba pa nilang karapatan bilang mga mamamayan ng bansa. ###

Banner photo:

Makikita ang mag-asawang kabilang sa Indigenous Peoples habang nagsasagawa ng kanilang ritwal sa Polomolok, South Cotabato noong Oktubre 20, 2022.